http://www.thepoc.net:80/thepoc-features/pinoy-lgbt/pinoy-lgbt-features/8381-libay-linsangan-cantor.html Go
1 capture
7 Jul 2010
JUN JUL AUG
2009 07 2011
2010
About this capture

Shane on you!

Monday, 05 July 2010 12:06 AM | Libay Linsangan Cantor

shane1

Matagal-tagal na rin akong dumadalo sa mga tinatawag na exclusive parties o ang mga dancing parties para sa mga lesbiyana at bisexual na babae; mga late 1990s pa lang, nakakadalo na ako ng mga pagtitipong ito. Pinagsawaan ko rin ito sa kalaunan, pero minsa'y nami-miss ko rin, kaya noong mga 2004 yata iyon, muli akong bumalik sa eksena kasama ang dalawang kaibigang lesbiyanang di pa nakakadalo ng ganitong mga party.

Sa exclusive, natuwa naman ang dalawa kong kasama sa mga bagong bagay na kanilang nakita doon, pero parang hindi ako natuwa sa ilang bagong bagay na napansin ko doon – o baka mas dapat sabihing maraming bagong bagay pero iisa lamang ang hitsura. Mukhang Shane. Ang daming kamukha si Shane sa exclusive!

Sino ba itong Shane na ito? Ito si Shane McCutcheon, na ginagampanan ng pinsan ni Gwyneth Paltrow, si Kate Moennig, sa American cable TV series na pinamagatang *The L Word*. Unang pinalabas ang *The L Word* sa Amerika noong 2004 at tungkol ito sa isang barkada ng mga lesbiyanang nakatira at nagtatrabaho sa West Hollywood. Tunay nga namang napaka-LGBT-friendly ng West Hollywood na area sa Los Angeles, California, at marami ka ngang makikitang LGBT people na naglipana roon. Kaya napapanahon na ring maipakita ang mga buhay-buhay ng LGBT sa telebisyon, mga buhay na mas malapit sa tunay na kaanyuan at kalagayan ng mga lesbiyana.

Pumatok ang programang ito dahil sa wala pang ganitong uri ng programa sa telebisyon noon, iyon bang matapang na nagpapakita ng buhay-buhay ng mga lesbiyanang masaya o sawi sa pag-ibig, masaya o malas sa trabaho, masaya o di kuntento sa sosyedad na iniikutan nila, at iba pa. Tulad ng naunang cable TV series din na *Queer As Folk* na pinakita naman ang isang barkada ng mga bakla sa Pittsburg, ang *The L Word* ay nagpakita sa mundo na iba't iba ang hitsura, porma, pananaw at katauhan ng mga lesbiyana at bisexual na babae. At dahil sa ang isang TV series ay kailangang may tauhang "heartthrob" na tinatawag, ang karakter ni Shane ang nagdala ng pagka-lesbian heartthrob sa kuwento, na di nawawalan ng kalaguyong babae, at laging hinahabol-habol ng maraming babae.

Marahil ay dahil sa heartthrob characterization na ito kung kaya't marami sa buong mundo ang gumaya ng hitsura at porma ni Shane – mula sa artistic na pagkaka-gulo-gulo ng buhok niya hanggang sa mala-waif na porma niyang pagdadala ng mga simple pero kakaibang kombinasyon ng mga damit na mga payat na tao lang ang maaaring makapagdala nang mahusay. Lagi rin siyang naka-itim na eyeliner at ito rin ang isa sa trademark niyang ginaya ng mga Shane-lookalike sa buong mundo.

Mga dalawa o tatlong taon ko na yatang pinapanood ang *The L Word* bago ako muling napapunta sa exclusive party na iyon, kung saan ako nagulat na napakarami na palang lesbiyana sa Maynila ang gumagaya ng porma ni Shane. Hindi ko alam kung matatawa o matutuwa ako sa development na ito. Siguro'y puwede akong matuwa dahil ang ibig sabihin nito, marami na sa mga taga-Maynila ang nakakapanood ng positibong portrayal ng mga lesbiyana sa telebisyon, kahit na sa banyagang telebisyon pa nila ito napapanood (sa pamamagitan ng DVD compilation o iba pang paraan ng pagkuha ng kopya). Dahil sa si Shane at ang tropa niya sa *The L Word* ay hindi mga lesbiyanang tradisyunal ang porma—ibig sabihi'y wala silang isyu sa pagtanggap na lesbiyana sila *at* babae sila—ay nagkaroon din ng representasyon ang mga lesbiyanang hindi nagpopormang lalaki o hindi iniiisip na gusto nilang umasta bilang lalaki. Kumbaga, puwede rin siyang ihalintulad sa mga fashionistang karakter ng *Sex and the City*, na noong umpisa nga ng show, naglabas ng teaser ang *The L Word* na nagsasaad ng linyang "Same sex, different city" na patukoy sa *Sex and the City*, at makikitang mga naggagandahang mga medyo-fashionista ang dating ng (ilang) mga babae sa *The L Word*. Sa wakas, nakita rin ng mga straight audience na *ay, meron palang mga lesbiyanang*

PINOY LGBT VIDEOS
Get the Flash Player to see this player.
Disclaimer

Opinions
Features
News

PINOY LGBT RSS
- Ugandan Gay Activist Found Beheaded - EDGE Boston
- Call her 'Mama.' An ATL mom's 'Fairy Tales' - Project Q Atlanta
- Has Arizona's SB 1070 revealed a political wedge between the Latino and LGBT ... -...
- Aurora Dinner raised over $55000 - Same Same
- LGBT travel - Ottawa Citizen
- Five Questions With...Trish Bendix, Chicago Writer, Editor, Celesbian - Huffington Post (blog)
- The State of LGBT Health—Minus the "T" - Washington City Paper (blog)
- Celebrating our history - Gay and Lesbian Times

hindi mukhang lalaki! At marahil, iyan din ang isa sa ikinatutuwa kong bagay na ang mga straight na nakakapanood ng show na ito ay maliliwanagan kahit papaano sa aspetong ito.

Pero ang isa sa hindi ko ikinatutuwa ay ang tahasang paggaya ng ilang lesbiyana sa hitsura at porma ni Shane; pati sa attitude niyang hindi pala-ngiti at medyo nakasimangot lang ay ginagaya rin ng ibang Shane clones na nakasalamuha ko. Puwede namang magkaroon ng sariling pagkatao ang mga lesbiyana kahit di sila gumagaya ng iba, pero marahil ay di mo na maaalis ang paggayang ito ng mga tao sa mga iniidolo nilang pigura sa kulturang popular. Kahit nga sina Aga Muhlach at Gary Valenciano ay ginaya ang hitsura, porma at sayaw ng yumaong King of Pop na si Michael Jackson sa umpisa ng kanilang career, ito pa kayang mga "ordinaryong" manonood na humahanga sa isang idolong malakas ang dating?

Sabagay, kanya-kanyang pag-iidolo lang naman iyan, at kanya-kanya na ring pag-adopt ng mga magagandang quality na gusto nating tularan sa ating mga iniidolo. Ako rin naman ay may ganoon. Sa katunayan, may isa akong pinaka-paboritong bracelet na itim na may mga puka shells, kahawig ng bracelet ng gay heatthrob character sa *Queer As Folk* na si Brian Kinney. Gusto ko ang karakter niya dahil sa kanyang no-nonsense attitude pagdating sa pag-ibig, sex, trabaho at buhay. Kaya kapag kailangan ko ng kaunting tapang ng loob sa isang mahirap na araw na aking kakaharapin, sinusuot ko ang aking "Brian Kinney bracelet" at icha-channel ko na ang kanyang "no excuses, no apologies" mantra sa pagharap ko sa buhay ko sa araw na iyon. Tulad siguro ito ng pagdadamit na tulad ni Shane, para masagap ng mga lesbiyanang umiidolo sa kanya ang aura at charisma ng kanyang karakter sa pagharap sa mga babae at sa mundo.

Maganda ba itong impluwensiyang ito o hindi? Mahirap maghusga, dahil sa ang kulturang Amerikano ay lagi namang may impluwensiyang iniiwan o hinahawa sa mga tumatangkilik nito, di lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo na rin. Pero marahil, mas maganda siguro kung uunti-untiin natin ang kukunin nating inspirasyon sa mga impluwensiyang ito, at mas maganda siguro kung isasa-Filipino natin ang mga impluwensiyang ito, para di lamang tayo makitang simpleng gaya-gaya sa ating mga iniidolo, pero dinadala natin sa ibang lebel ang ating paghanga at nagkakaroon ito ng sarili nating pagkatao.

Libay Linsangan Cantor is a Palanca-award winning fictionist and a scriptwriter of children's TV shows. You can email her at leaflens@gmail.comleaflens@gmail.com . She blogs at leaflens.blogspot.com and leaflenspopmedia.wordpress.com.

Photo by the author, courtesy of leaflens.blogspot.com.

Add this page to your favorite Social Bookmarking websites

Comments

Add New

Disclaimer: Comments posted here reflect our readers' views and not the opinion of The Philippine Online Chronicles.

Write comment

Name:

Email:

Send

Please input the anti-spam code that you can read in the image.

Content licensed under Creative Commons by-nc-sa-3.0 Philippines
Attribution-Noncommercial-Share Alike 3.0 Philippines